



Mga alituntunin para sa pamamahala ng mga nakumpiskang buhay na organismo

Neil Maddison, editor



Mga alituntunin para sa pamamahala ng mga nakumpiskang buhay na organismo

Neil Maddison, editor

Tungkol sa IUCN

Ang International Union for Conservation of Nature (IUCN) ay isang membership na Union na partikular na binubuo ng mga organisasyon ng pamahalaan at lipunang sibil. Nagbibigay ito sa mga pampubliko, pribado, at non-governmental na organisasyon ng kaalaman at instrumento na nagbibigay-daan sa pagsulong ng tao, pag-unlad ng ekonomiya, at konserbasyon ng kalikasan na maganap nang sabay-sabay.

Ang IUCN na ginawa noong 1948 ay ang kasalukuyang pinakamalaki at pinaka-diverse na network na nakatuon sa kapaligiran sa buong mundo, na gumagamit sa kaalaman, mga resource, at reach ng mahigit 1,400 Miyembrong organisasyon at humigit-kumulang 15,000 eksperto. Ito ang nangungunang tagapagbigay ng datos tungkol sa konserbasyon, pagtatasa, at pagsusuri. Ang pagkakaroon nito ng maraming miyembro ay nagbibigay-daan sa IUCN na gampanan ang tungkulin ng incubator at pinagkakatiwalaang repositoryo ng pinakamahuhusay na kagawian, instrumento, at mga internasyonal na pamantayan.

Ang IUCN ay nagbibigay ng neutral na espasyo kung saan ang iba't ibang stakeholder, kabilang ang mga pamahalaan, NGO, siyentista, negosyo, lokal na komunidad, katutubo, organisasyon, at iba pa ay maaaring magtulungan para makabuo at makapagpatupad ng mga solusyon sa mga pangkapaligirang pagsubok at maabot ang sustainable na pag-unlad.

Ang IUCN, na nakikipagtulungan sa maraming partner at tagasuporta, ay nagpapatupad ng malaki at iba't ibang portfolio ng mga proyekto sa konserbasyon sa buong mundo. Sa pamamagitan ng paggamit sa modernong agham at tradisyonal na kaalaman ng mga lokal na komunidad, kumikilos ang mga proyektong ito para maibalik ang nawalang habitat, maayos ang mga ecosystem, at mapabuti ang kapakanan ng mga tao.

<https://www.iucn.org>

<https://twitter.com/IUCN/>

IUCN Species Survival Commission (SSC)

Ang Species Survival Commission (SSC), na may mahigit 10,500 miyembro, ay ang pinakamalaki sa anim na ekspertong komision ng IUCN at nagbibigay-daan ito sa IUCN na impluwensyahan, hikayatin, at tulungan ang mga lipunan na panatilihin ang biodiversity sa pamamagitan ng pagbibigay ng kaalaman tungkol sa kalagayan ng at banta sa species, pagbibigay ng payo, paggawa ng mga patakarán at alituntunin, pangangasiwa sa pagpapalano para sa konserbasyon, at pagpapasimula ng pagkilos para sa konserbasyon.

Ang mga miyembro ng SSC ay nabibilang sa isa o marami pa sa 160+ Grupo ng Espesyalista, Awtoridad sa Red List, at Task Force, at nakatuon ang bawat isa sa isang taxonomic group (mga halaman, fungus, mammal, ibon, reptile, amphibian, isda, at invertebrate), o sa isang disiplinaryong isyu, tulad ng sustainable na paggamit at mga trabaho, pag-reintroduce ng species, kalusugan ng wildlife, pagbabago ng klima, at pagpapalano para sa konserbasyon.

<https://www.iucn.org/our-union/commissions/species-survival-commission>

Ang pagtatalaga ng mga heograpikal na entidad sa aklat na ito, at ang presentasyon ng materyal, ay hindi nagpapahiwatig ng paghahayag ng anupamang opinyon sa bahagi ng IUCN tungkol sa legal na katayuan ng anumang bansa, teritoryo, o lugar, o ng mga awtoridad nito, o patungkol sa paglalagay ng limitasyon sa mga frontier o hangganan nito.

Ang mga pananaw na ipinahayag sa lathalaing ito ay hindi tuwirang sumasalamain sa pananaw ng IUCN.

Walang responsibilidad ang IUCN at iba pang kalahok na organisasyon para sa mga pagkakamali o omisyong maaaring mangyari sa pagsasalin sa Tagalog ng dokumentong ito kung saan Ingles ang orihinal na bersyon. Sakaling may mga pagkakaiba, mangyaring sumangguni sa orihinal na edisyon. Pamagat ng orihinal na edisyon: *Guidelines for the management of confiscated, live organisms* (2019). Inilathala ng: IUCN, Gland, Switzerland. <https://doi.org/10.2305/IUCN.CH.2019.03.en>

Naging posible ang bahagi ng orihinal na lathalaing ito dahil sa pagpopondo mula sa Environment Agency Abu Dhabi. Naging posible ang pagsasalin sa Tagalog ng dokumentong ito dahil sa International Fund for Animal Welfare. Ang paglilimbag ng lathalaing ito ay pinondohan ng gawad mula sa United States Department of State.

Inilathala ng

IUCN, Gland, Switzerland

Copyright

© 2019 IUCN, International Union for Conservation of Nature and Natural Resources

© 2022 IUCN, International Union for Conservation of Nature and Natural Resources, para sa pagsasalin sa Tagalog

Ang paggawa ng maraming kopya ng lathalaing ito para sa mga layuning pang-edukasyon o iba pang di-komersyal na layunin ay pinapahintulutan nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa may-ari ng copyright sa kundisyong ganap na kikilalanin ang pinagmulan.

Ang paggawa ng maraming kopya ng lathalaing ito para sa muling pagbebenta o iba pang komersyal na layunin ay ipinagbabawal nang walang paunang nakasulat na pahintulot ng may-ari ng copyright.

Pagsipi

IUCN (2022). *Mga alituntunin para sa pamamahala ng mga nakumpiskang buhay na organismo*. Gland, Switzerland: IUCN.

Editor

Neil Maddison

ISBN

978-2-8317-2206-1 (PDF)

978-2-8317-2207-8 (print)

DOI

<https://doi.org/10.2305/IUCN.CH.2019.03.tl>

Larawan sa cover

Jhonathan Miranda

Isinalin ni

International Fund for Animal Welfare (IFAW)

Inilimbag ni

International Fund for Animal Welfare (IFAW)

Available mula sa

IUCN, International Union for Conservation of Nature
Rue Mauverney 28
1196 Gland
Switzerland

Tel +41 22 999 0000

Fax +41 22 999 0002

www.iucn.org/resources/publications

Ang text ng librong ito ay naka-print sa FSC Certified na 100% recycled material, 128 gsm.

Talaan ng nilalaman

Mga pagkilala	iv
1 Konteksto	1
1.1 Pahayag ng pangangailangan	1
1.2 Layunin ng Mga Alituntuning ito	1
1.3 Mga prinsipyo sa pag-iingat	2
1.4 Pagsasagawa ng proactive na paraan	3
1.5 Mga kahulugan	4
2 Mga pamantayan para sa pagpapasya	7
2.1 Ang indibidwal na sukat	7
2.2 Mga available na mapagkukunan	8
2.3 Mga legal na pagsasaalang-alang at internasyonal na kasunduan	9
3 Pagpapalano ng pagkilos	10
3.1 Agarang panandaliang pangangalaga	10
3.2 Proseso ng pangangalap ng impormasyon at paunang pagtatasa	11
3.2.1. Pagkilala sa species	11
3.2.2. Katayuan sa konserbasyon at mga prioridad ng IUCN	12
3.2.3. Kalusugan	12
3.2.4. Kakayahang mabuhay	13
3.2.5. Dahilan ng pagkumpiska	13
3.2.6. Bansang pinagmulan at bansa sa pagdating	14
3.2.7. Mga natukoy na invasive na species	15
3.3 Pansamantalang pag-hold	15
3.4 Paggamit sa Puno ng Pagpapasya para sa mas pangmatagalang pamamahala	15
3.4.1. Pagpapauwi	16
3.4.2. Translokasyon (o 'pagbabalik ng mga nakumpiskang indibidwal sa kagubatan')	16
3.4.3. Pangmatagalang pangangalaga habang nakakulong	18
3.4.4. Makataong pagpatay / pagsira	20
4 Kongklusyon	21
Appendix 1: Network ng Tagapayo ukol sa Pagkumpiska-Mga tuntunin ng reference	23
Appendix 2: Mga kapaki-pakinabang na pinagmulan ng impormasyon na may mga link sa internet	27
Appendix 3: Pangangalap ng impormasyon at paunang pagtatasa	31
Appendix 4: Puno ng Pagpapasya-Mga nakumpiskang species	35

Mga pagkilala

Malaki ang iniambag ni Kira Mileham sa pag-compile at pagsasama-sama ng input at feedback. Nagbigay ng hindi matutumbasang kontribusyon sa lathalaing ito sina Mark Stanley Price (University of Oxford) at Tomasina Oldfield (TRAFFIC). Malaki rin ang naiambag ng mga dumalo sa Wild Animal Rescue Network Conference 2014 at sa IUCN Conservation Planning Specialist Group 2014 (dating Conservation Breeding Specialist Group), at gusto ng Editor na itala ang mga pasasalamat sa kanila. Nagbigay rin sina Rachel Hogan (OBE) ng Ape Action Africa at Valentina Rodrigues ng Colombia Environmental Police Force ng mahalagang feedback para makatulong na hubugin ang Mga Alituntunin. Espesyal na pasasalamat sa namayapang si Maria Boyd para sa kanyang input sa pamamahala ng mga buhay na kinumpiskang hayop sa China.

1 Konteksto

Napakatindi ng paglaganap ng ilegal na bentahan sa wildlife sa loob ng nakalipas na dekada; gayunpaman, ganoon din katindi ang mga pagsisikap na pagpapatupad ng batas na nakatuon sa pagpigil sa bantang ito. Kadalasang sangkot sa matagumpay na pagpapatupad ang pagsamsam at pagkumpiska ng species mula sa kagubatan mula sa malawak na taxa ng mga halaman, hayop, at fungi. Ang mga pagkumpiskang ito ay maaaring bahagi ng mga hindi buhay na specimen sa anyo ng mga artefact, pagkain, o produktong-gamot ngunit, sa maraming kaso, sangkot sa mga ito ang mga buhay na indibidwal. Sa patuloy na dumaraming pagkumpiska at madalas na pagkakasangkot ng mataas na bilang ng mga indibidwal, mahalagang sundin ang pinakamahuhusay na kagawian sa paraan ng pamamahala para masulit ang tungkulin sa konserbasyon at ang indibidwal na kapakanan ng mga halaman at hayop na ito. Nilalayon ng dokumentong ito na magbigay ng gabay sa pinakamahusay na kagawiang ito.

1.1 Pahayag ng pangangailangan

Ang International Union for Conservation of Nature (IUCN) ay ang pangunahing awtoridad sa mundo pagdating sa konserbasyon ng biodiversity at sustainable na paggamit, mga solusyong nakabatay sa kalikasan, at kaugnay na pamamahala sa kapaligiran, at tinutulungan nito ang mga nauugnay na awtoridad na maghanap ng mga makatotohanan at praktikal na solusyon sa mga hamon sa kapaligiran. Gumawa ang IUCN ng isang serye ng 'Mga Alituntunin' na dinisenyo para magbigay ng payo sa mga magpapasya na nauugnay sa pamamahala ng likas na yaman. Ang unang **Mga Alituntunin ng IUCN para sa Paglalagyan ng Mga Nakumpiskang Hayop** ay pinagtibay noong Pebrero 2000. Isinasaalang-alang ng na-update na bersyong ito ng Mga Alituntunin ang nagbabagong sitwasyon ng bentahan ng wildlife sa loob ng nakalipas na dalawang dekada. Nilalayon din ng update na paigtingin ang pagiging naaayon sa internasyonal na patakaran at pagsasabatas, at para suportahan ang kinakailangan ng mga pambansang gobyerno na pamahalaan ang tumataas na bilang ng mga buhay na hayop at halaman mula sa kagubatan na kinukumpiska ng mga nauugnay na awtoridad at nangangailangan ng pagkilos.

Marami at posibleng kumplikado ang mga dahilan ng pagtaas sa bilang ng mga kinukumpiskang hayop at halaman mula sa kagubatan, ngunit sa pangakalahatan ay nauugnay ang mga ito sa pagtaas sa ilegal na bentahan ng mga buhay na hayop at halaman. Bukod pa rito, dumami ang mga nakumpiskang buhay na specimen dahil sa mas malawak na kaalaman at pag-unawa ng mga awtoridad na nagpapatupad. Sa ilang kaso, nagtalaga ng mas maraming mapagkukunan sa mga nagkukumpiskang awtoridad at sa kanilang mga ahente. Nagkaroon din ng mga pagbabago sa pambansang pagsasabatas at sa mga internasyonal na kasunduan gaya ng Convention on International Trade in Endangered Species of Wild Fauna and Flora (CITES). Naging mas mahigpit ang mga legal na kinakailangang ito, at kung minsan ay kinabibilangan ng mga probisyong nagbibigay ng higit na pagtuon sa pangangailangang pamahalaan ang mga pagkumpiska ng wildlife.

Mula sa pananaw ng pagpapanatili ng biodiversity sa buong mundo, kadalasang dapat bigyan ng prioridad ang pamamahala ng mga indibidwal na hayop at halamanang may species na itinuturing na nanganganib na maubos, at ang pagkawala ng mga ito ay magdudulot ng higit na problema sa species na nauubos na sa kagubatan. Sa lumalaking problema sa wildlife sa buong mundo, kinakailangang magkaroon ng proseso sa pagpapasya para sa pamamahala ng mga buhay na nakumpiskang indibidwal na hayop at halaman na nagtatakda sa **pagpigil sa pagkaubos ng species at sa pagpapanatili ng malulusog na populasyon at biodiversity sa kagubatan** kaysa sa lahat ng iba pang pamantayan; na kinabibilangan ng pagtatasa ng mga panganib sa nakumpiskang species, at gayundin sa anumang species sa kagubatan sa isang potensyal na lugar ng pagpapakawala. Ang Mga Alituntunin ng IUCN sa ibaba ay dinisenyo para makatulong na matugunan ang pangangailangang iyon. Ang species na itinuturing na nanganganib na maubos sa buong mundo ay iyong mga nakalista sa The IUCN Red List of Threatened Species™ bilang Mahina (Vulnerable o VU), Nanganganib (Endangered o EN) o Kritikal na Nanganganib (Critically Endangered o CR) (<http://www.iucnredlist.org/>). Bilang karagdagan, para sa pamamahala ng mga nakumpiskang indibidwal ng species na itinuturing na Extinct sa Kagubatan (Extinct in the Wild o EW), Kulang ng Data (Data Deficient o DD), Malapit Nang Manganganib (Near Threatened o NT), Hindi Nasuri (Not Evaluated o NE), o dapat ding gawing prioridad ang mga nanganganib na populasyon ng Pinakamaliit na Alalahanin (Least Concern o LC) na species (posibleng kapaki-pakinabang ang mga pambansang red list sa pagkilala ng mga nanganganib na populasyon ng LC na species).

Nilalayan ng Mga Alituntuning itinakda sa ibaba na tulungan ang mga awtoridad sa gobyerno sa pagpapasya kung paano pamahalaan ang mga buhay na hayop, halaman, at fungi na nakumpiska sa ilalim ng mga batas sa wildlife, anuman ang kahalagahan ng mga ito sa konserbasyon. Magkakaroon din ng halaga ang Mga Alituntuning ito sa pagtulong sa mga nauugnay na awtoridad sa pamamahala ng mga nakumpiskang hayop at halaman na hindi nanganganib ang species, ngunit dapat bigyang-diin na ang Mga Alituntuning ito ay para tumulong sa pagpapanatili ng malulusog na populasyon ng species sa kagubatan, at ang mga pasyang ginawa batay sa pamamahala ng mga indibidwal na hayop mula sa pananaw na lubusang para sa kapakanan ay maaaring mangailangan ng iba't ibang pagkilos.

1.2 Layunin ng Mga Alituntuning ito

Nilalayan ang Mga Alituntuning ito para sa mga sangay ng gobyerno at/o mga awtorisadong ahente ng mga ito na may legal na responsibilidad na tukuyin kung paano pamamahalaan ang isang *nakumpiskang* buhay na organismo sa agarang panandalian panahon (paunang panahon na maaaring tumagal sa pagitan ng ilang oras hanggang ilang linggo) at sa mas matagal na panahon (na kadalasang maaaring maging 'permanenteng' sitwasyon).

Ang isang nakumpiskang specimen ay tinutukoy sa dokumentong ito bilang buhay na organismo sa punto kung kailan napapailalim ito sa awtoridad ng nagpapasyang sangay o ahenteng responsable sa pagpapasya kung saan

ilalagay ang indibidwal sa pangmatagalang panahon; HINDI ito ang punto ng pagsamsam, kung saan posibleng maglapat ng iba't ibang protokol sa pamamahala.

Mahalagang Paalala: Kung nakumpiska ang isang buhay na organismo na nakalista sa Mga Appendix ng CITES, at ang bansa kung saan nakumpiska ay lumagda sa CITES, kung gayon ay dapat mangibabaw ang mga protokol ng CITES para sa pamamahala sa mga specimen na ito at hindi ang Mga Alituntunin ng IUCN, halimbawa CITES Resolution Conf. 17.8 sa Pagtatapon ng mga ilegal na ibinebenta at nakumpiskang specimen ng species na nakalista sa CITES.

1.3 Mga prinsipyo sa pag-iingat

Ang pangkalahatang prinsipyo para sa Mga Alituntuning ito ay **pag-iwas sa pagkawala ng biodiversity sa pamamagitan ng mga hindi naaangkop o hindi maayos na napamahalaang pagpapakawala**. Kasama sa mga pangunahing panganib ang pagkalat ng sakit mula sa mga pinakawalang hayop o halaman, pagpapasok ng mga hayop o halaman sa isang hindi katutubong lugar (may panganib na makapagpasok ng invasive na alien na species o mga introgressive gene sa pamamagitan ng hybridisation, at posibleng ganap na mawala ang biodiversity), o hindi natural na kumpetisyon sa pagitan ng species na hahantong sa pagpapalit sa katutubong species.

Para matiyak na hindi ito magkakatatotoo at ang iba pang panganib, sinusuportahan ng prinsipyo sa pag-iingat ng pamamahala ang Mga Alituntuning ito. Sa partikular, hindi dapat pakawalan ng nagkukumpiskang awtoridad ang isang indibidwal na buhay na organism sa kagubatan maliban kung makakapagpakita ito ng nakakakumbinsing plano ng pagkilos para sa hayop o halamang pinag-uusapan na makakapag-ambag sa konserbasyon ng species, o hindi ito magdudulot ng malaking panganib sa konserbasyon nito sa kabuuan ng hanay nito, o sa konserbasyon ng iba pang species sa kapaligiran kung saan ito papakawalan.

1.4 Pagsasagawa ng proactive na paraan

Maaaring maging napakahirap magpasya para sa kapakanan ng konserbasyon kapag nahaharap sa kakulangan ng impormasyon, at mga magkakasalungat na argumento at etikal na pagsasaalang-alang mula sa iba't ibang sektor. Kadalasang kailangang magsaalang-alang ng maraming salik bago matukoy kung paano dapat pamahalaan ang isang nakumpiskang buhay na organismo. Dahil dito, maaaring kailanganin ng pagiging eksperto sa maraming iba't ibang larangan para matiyak ang sapat na impormasyon para sa maayos na pagpapasya. Samakatuwid, hinihikayat ang mga nagkukumpiskang awtoridad at ang kanilang mga ahente na gumawa ng mga lokal, pambansa, panrehiyon, at internasyonal na kontak at bumuo ng **Network ng Tagapayo ukol sa Pagkumpiska** (tingnan ang Appendix 1) na may mga espesyalista sa mga partikular na larangang ito:

- Pagiging eksperto sa taxonomy para bigyang-daan ang mabilis at tumpak na pagkakakilanlan sa antas ng species/subspecies
- Pagiging eksperto sa medikal at pambeterinaryong usapin sa kalusugan ng tao at hayop, kasama na ang pag-quarantine
- Pagsagip sa wildlife, paghahalaman o paghahayupan at pagiging eksperto sa pag-uugali
- Pagiging eksperto sa mga halaman
- Naaangkop na pagiging eksperto sa batas
- Pagiging eksperto sa logistics para makapagpayo sa pag-hold at pagbiyahe Para bigyang-daan ito, hinihikayat ang mga nagkukumpiskang awtoridad na proactive na magtakda ng mga pangunahing kontak sa:
- Mga lokal, panrehiyon, at internasyonal na rescue/rehabilitation center para sa wildlife, mga awtoridad at asosasyon ng zoo, at sanctuary na posibleng makapagbigay ng payo ng eksperto at sa ilang sitwasyon, panandalian o pangmatagalang pag-hold
- Mga nasa bansang focal point ng World Organisation for Animal Health (OIE) at mga departamento ng pamahalaan/unibersidad/beterinaryo, na posibleng makapagbigay ng payo sa mga isyu sa kalusugan at kapakanan ng hayop
- Mga lokal, panrehiyon, at internasyonal na botanikal na hardin
- Mga nasa bansang Awtoridad sa Pamamahala at Siyensya ng CITES, at ang Tanggapan ng Kalihim ng CITES
- Mga nasa bansang awtoridad sa pagpapatupad ukol sa krimen sa wildlife at hangganan
- Iba pang nasa bansang ahensya at tagapayong sangay ng kalusugan at kapakanan ng hayop mula sa kagubatan at halaman ayon sa naaangkop

Sa partikular, dapat ay mayroong malapit na ugnayan sa pagitan ng mga pasyang kailangang gawin ng **mga nagkukumpiskang awtoridad** at ng kanilang mga ahente at iyong mga kailangang gawin ng **Mga Awtoridad sa Pamamahala ng CITES**. Mayroong oportunidad para sa pagtutulungan sa pagitan ng dalawang sangay (kung magkahiwalay) na dapat palakasin.

1.5 Mga kahulugan

Ang mga sumusunod na kahulugan ay ginamit para sa layunin ng dokumentong ito:

Mga hayop:

lahat ng buhay na bahagi ng kinikilalang fauna, kasama ang mga itlog.

Nakumpiskang Buhay na Organismo:

buhay na organismo sa punto kung kailan napapailalim ito sa awtoridad ng nagpapasyang sangay o ahenteng responsable sa pagpapasya kung saan ilalagay ang indibidwal sa pangmatagalang panahon.

Pagkakakulong / Ex situ:

mga kundisyon kung saan limitado ang espasyo ng mga indibidwal pagdating sa kanilang mga natural na pattern sa espasyo o sa pattern sa espasyo ng kanilang anak, inalis mula sa marami sa kanilang mga natural na proseso ng ecology, at pinapamahalaan ng mga tao sa ilang antas. Sa pangkalahatan, pinapanatili ang mga indibidwal sa mga artipisyal na kundisyon sa ilalim ng iba't ibang pressure sa pagpili kumpara sa mga nasa natural na kundisyon sa isang natural na tirahan. (Mga Alituntunin ng IUCN sa Paggamit ng Ex situ na Pamamahala para sa Konserbasyon ng Species).

Pinagmulan ng consignment:

ang bansa kung saan inilipat ang isang organismo bago ang pagsamsam.

Bansang pinagmulan:

ang bansa kung saan kinuha ang isang specimen/indibidwal mula sa kagubatan, pinarami habang nakakulong o artipisyal na pinarami (glosaryo ng mga termino ng CITES).

Euthanasia:

ang pagkitil sa buhay ng isang hayop dahil sa pangangailangang tapusin ang paghihirap.

Makataong pagpatay:

Ang walang kirot na pagkitil ng buhay ng isang hayop para sa mga layunin maliban sa tapusin ang isang kasalukuyang kundisyong nagdudulot ng paghihirap. [Tandaan: ang mga protokol para sa paggamit sa parehong Euthanasia at Makataong Pagpatay – kahit na malaki ang pagkakaiba ng dalawa pagdating sa kadahilanan para sa paggamit – ay ibinibigay sa ilalim ng iisang terminong 'euthanasia' sa Mga Alituntunin ng AMVA sa Euthanasia].

Katutubong saklaw:

ang alam o ipinapahiwatig na distribusyon ng species na nakuha mula sa mga makasaysayang (pasulat o pasalita) talaan, o pisikal na ebidensya ng paglitaw ng species (Mga Alituntunin ng IUCN para sa Mga Muling Pagpapapasok at Iba Pang Translokasyon para sa Konserbasyon).

Isang Plano:

inclusive na pagbuo ng mgaistratehiya sa pamamahala at pagkilos sa konserbasyon ng mga responsableng party sa lahat ng populasyon ng isang species, nasa loob man o labas ng kanilang katutubong saklaw.

Mga halaman:

lahat ng buhay na bahagi ng kinikilalang flora, kasama ang mga buto.

Punto ng pagsamsam: ang paunang punto kung kailan isinailalim sa kustodiya ng isang awtorisadong sangay ang isang buhay na organismo.

Pagpapalakas:

ang sinasadyang paglipat at pagpapalaya ng isang organismo sa kasalukuyang populasyon para paramihin ang mga populasyon ng nanganganib na species sa kagubatan (Mga Alituntunin ng IUCN para sa Mga Muling Pagpapapasok at Iba Pang Translokasyon para sa Konserbasyon).

Muling pagpapapasok:

ang sinasadyang paglipat at pagpapalaya ng isang organismo sa loob ng katutubong saklaw nito kung saan ito nawala (Mga Alituntunin ng IUCN para sa Mga Muling Pagpapapasok at Iba Pang Translokasyon para sa Konserbasyon).

Pagpapauwi:

pagbabalik ng nakumpiskang indibidwal sa bansang pinagmulan nito.

Translokasyon:

ang pinangasiwaan ng taong paglipat ng mga buhay na organismo mula sa isang lugar, at may pagpapakawala sa isa pang lugar, kasama ang mga proyekto ng muling pagpapapasok at pagpapalakas (Mga Alituntunin ng IUCN para sa Mga Muling Pagpapapasok at Iba Pang Translokasyon para sa Konserbasyon).

2 Mga pamantayan para sa pagpapasya

Tatlong prioridad na pamantayan ang nagtatakda ng mga hangganan para sa pagpapasya kung paano papamahalaan ang mga buhay na nakumpiskang hayop at halaman at samakatuwid ay mahalagang isaalang-alang bago kumilos.

2.1 Ang indibidwal na sukat

Bahagyang nakadepende ang pamamahala sa isang nakumpiskang organismo sa mga katangian ng partikular na indibidwal na iyon, kahit na ang indibidwal ay bahagi ng isang malaking bilang ng mga nakumpiskang hayop o halaman. Samakatuwid, kinakailangang magsagawa ng pagtatasa sa antas ng indibidwal. Mula sa isang pananaw ng konserbasyon, ang isang **kritikal na salik na dapat tukuyin ay ang species kung saan nabibilang ang indibidwal**. Sa maraming kaso, hindi magagawang tukuyin ang populasyon sa kagubatan kung saan nanggaling ang indibidwal. Gayunpaman, sa mga kaso kung saan alam ito, dapat magpasya batay sa *populasyong pinagmulan* sa halip na sa *bansang pinagmulan*. Sa sandaling makumpirma ang pagkakakilanlan ng species, maaaring bumuo ng plano ng pagkilos para sa indibidwal. Habang hindi nalalaman ang eksaktong species, talagang limitado ang mga opsyong bukas sa namamahalang party. Posibleng napakahirap ang tumpak na pagkilala ng mga indibidwal, sa partikular kapag malaki ang bilang ng mga kilalaning hayop at magkakamukha sila; gayunpaman, ang mga pasyang nakabatay sa katayuan sa konserbasyon, kalusugan at pinagmulan halimbawa ay, nangangailangan ng tumpak na pagkilala at pagsasaalang-alang sa bawat indibidwal na organismo.

Case study: Mga merkado ng ibon sa Indonesia



© Kira Mileham

Ang Merkado ng Ibon sa Pramuka ng Jakarta ay ang isa sa pinakamalaking merkado ng ibon ng Indonesia. Marami sa mga katutubong ibon na may iba't ibang katayuan sa konserbasyon ang ilegal na kinukuha sa kagubatan at ibinebenta para sa merkado ng song-bird. Ang lawak ng hamon na kilalanin kung aling mga hayop ang legal na ibinebenta, at iyong mga hindi, ay maaaring napakalawak at nangangailangan ng mahusay na kaalaman ng eksperto at mga pinansyal na mapagkukunan. Halimbawa, noong 2016 nadokumento ng ulat ng TRAFFIC¹ na halos 23,000 ibon ang naitala sa limang merkado sa Surabaya, Yogyakarta at Malang sa loob ng tatlong araw na survey, na may malinaw na indikasyon na ang karamihan ay ilegal na kinuha mula sa kagubatan. Bilang karagdagan, karamihan sa mga ibon sa Merkado ng Ibon sa Pramuka ay hindi katutubo, ilegal na inangkat, at magdudulot ng matinding banta sa buhay ng mga ibon sa Indonesia kung hindi mapapamahalaan nang maayos ang mga ito.

¹ Chng, S.C.L. and Eaton, J.A. (2016). *In the Market for Extinction: Eastern and Central Java*. TRAFFIC. Petaling Jaya, Selangor, Malaysia.

Ang isang organismo na hindi alam ang pagkakakilanlan ng species (kahit na pinaghihinalaan) ay HINDI KAILANMAN dapat pakawalan sa kagubatan dahil magdudulot ito ng hindi katanggap-tanggap na panganib sa biodiversity sa buong mundo. Maliban kung may malakas na sinusuportahang nagkokontrol na sitwasyon (tingnan ang *Mga Alituntunin ng IUCN para sa Mga Muling Pagpapapasok at Iba Pang Translokasyon para sa Konserbasyon*), sa pangkalahatan, ang mga indibidwal ay dapat LANG isaalang-alang para sa pagpapakawala sa katutubong saklaw ng mga ito, at kung alam, sa loob ng populasyong pinagmulan ng mga ito. Kinakailangan ang mga paghihigpit na ito para maiwasan ang pagpasok ng mga alien na invasive na species, na nagdudulot ng problema sa genes, at mabagao ang istruktura ng genes ng species.

2.2 Mga available na mapagkukunan

Ang isa sa pinakamahalagang salik na nakakaimpluwensya sa pagpapasya ay ang *antas ng mga mapagkukunan* na available sa nagkukumpiskang awtoridad. Kinikilalang posibleng mag-iba-iba ang antas ng mga mapagkukunang available depende sa mga sitwasyon at prioridad sa konserbasyon. Sa bawat sitwasyon, gayunpaman, may mga available na limitadong mapagkukunan, at kinakailangang tasahin ng mga nagkukumpiskang awtoridad kung anong mga pagkilos ang maganda, naaangkop, at magagawa sa konteksto ng mga limitasyon sa mapagkukunan. Maaaring ilipat ng mga nagkukumpiskang awtoridad ang pamamahala ng mga nakumpiskang indibidwal sa isang responsableng organisasyon ng third party, at hindi maiiwasang maaapektuhan ng antas ng mga available na mapagkukunan sa mga nasabing organisasyon ng third party kung paano papamahalaan ang mga indibidwal nang panandalian at pangmatagalan. Bago makapagpasya tungkol sa mga naaangkop na opsyon sa pamamahala, dapat isaalang-alang ang mga available na mapagkukunan, kasama ang:

- i. Mayroon bang mga available na sapat na mapagkukunan (gaya ng mga pondo, tauhan, kapasidad para sa pag-quarantine, pagiging eksperto) para sa **pagpapauwi** ng indibidwal sa bansa/lugar na pinagmulan kung saan papamahalaan ang indibidwal sa antas ng mga pamantayang inilatag sa *Mga Alituntuning ito*?
- ii. Mayroon bang mga available na sapat na mapagkukunan para sa pagpapatupad ng programa ng **muling pagpapapasok / translokasyon / pagpapalakas** (gaya ng mga pondo, pagiging eksperto, pagsubaybay), lalo na para sa species na itinuturing na nanganganib?
- iii. Mayroon bang mga available na sapat na mapagkukunan para matiyak ang **pangmatagalang ex situ na pamamahala** (ibig sabihin, habang nakakulong) ng indibidwal sa isang naaangkop na antas ng kapakanan (gaya ng mga pondo, pasilidad, tauhan, pagiging eksperto)?

iv. Mayroon bang naaangkop na organisasyon o grupo ng mga organisasyon na makakapagbigay ng mga mapagkukunang kinakailangan para sa alinman sa mga opsyon sa itaas at samakatuwid ay maaaring kumilos bilang third party (bukod pa sa nagkukumpiskang awtoridad at sa bansang pinagmulan) sa pamamahala ng indibidwal?

v. Sinasalamain ba ng iminumungkahing antas ng pagtatalaga ng mga mapagkukunan ang halaga sa konserbasyon ng (mga) indibidwal?

Kinikilala ng IUCN na ang pagiging available ng mga mapagkukunan ay maaaring *ang* pinakamahalagang elemento sa pagpapasya. Sa mga kaso ng pamamahala ng mga indibidwal ng species na itinuturing na nanganganib, gayunpaman, maaaring kailanganin ng matinding pagsisikap para makakuha ng sapat na antas ng mga mapagkukunan.

2.3 Mga legal na pagsasaalang-alang at internasyonal na kasunduan

Ang pagpapasya kung paano papamahalaan ang isang indibidwal ay nakadepende hindi lang sa mga katangian ng indibidwal at sa mga available na mapagkukunan, pero gayundin sa mga lokal na kundisyon – pangunahin sa *mga batas* ng bansa kung saan nakumpiska ang indibidwal at anumang *internasyonal na kumbensyon, kasunduan, o regulasyong* nalalapat. Sa konteksto ng mga pagkumpiska, kung ang nagkukumpiskang awtoridad ay nasa isang bansa na napapailalim sa mga regulasyon ng CITES, kung gayon, ang protokol ng CITES para sa pamamahala ng species na nakalista sa CITES (CITES Resolution Conf. 17.8 sa Pagtatapon ng mga ilegal na ibinebenta at nakumpiskang specimen ng species na nakalista sa CITES) ang dapat sundin, at ipatupad sa ilalim ng ‘Awtoridad sa Pamamahala’.

3 Pagpapalano ng pagkilos

3.1 Agarang panandaliang pangangalaga

Ang unang antas ng pagkilos sa pamamahala ng isang nakumpiskang buhay na organismo ay tiyakin na ang indibidwal ay ligtas, secure, at naibsan ang anumang paghihirap hangga't posible. Maraming hayop at halaman nakumpiska ng mga awtoridad ang naghihirap sa maraming antas mula sa mga salik gaya ng: paghihirap, kakulangan ng pagkain, tubig o ilaw, mga hindi naaangkop na kundisyon sa transportasyon, sakit, at iba pang hindi maayos na pamantayan sa paghahayupan at paghahalaman. Dapat ang agarang priyoridad ay ang agarang pagbibigay ng **mga naaangkop na pamantayan sa pag-aalaga ng hayop at halaman** para matiyak na matutugunan ang mga pangunahing pangangailangan, gaya ng angkop na tubig, pagkain, espasyo, ilaw at matutuluyan. Ang iba't ibang species ay may iba't ibang kinakailangan sa paghahalaman o paghahayupan at kapakanan. Totoo ito para sa mga hayop at halaman. Ang pagkabigong magbigay ng sapat na pangangalaga (halimbawa, labis na pagdidilig sa halaman succulent; hindi angkop na pagkain para sa mga espesyalistang tagakain) ay maaaring humantong sa mas matinding paghihirap at pagkamatay. Samakatuwid, lubos na inirerekomenda, gaya ng nakabalangkas sa itaas, na ang nagkukumpiskang awtoridad ay magkaroon ng access sa, o proactive na nakikipag-usap, sa isang **Network ng Tagapayo ukol sa Pagkumpiska** na makakapagpayo tungkol sa mga agaran at panandaliang pangangailangan sa pangangalaga. Ang Iminumungkahing Mga Tuntunin ng Reference para sa isang **Network ng Tagapayo ukol sa Pagkumpiska** ay nakatakda sa Appendix 1. Available ang higit pang impormasyon sa *World Zoo and Aquarium Animal Welfare Strategy*.

Dahil sa panganib na maipasa ang sakit sa iba pang organismo mula sa nakumpiskang buhay na organismo (kasama ang panganib sa mga tao), ipinag-uutos na agad na ilagay sa mga pasilidad ng pag-quarantine ng mga nakumpiskang organismo. Maaaring malaki ang pagkakaiba sa mga pangangailangan sa pag-quarantine depende sa partikular na species at mga sitwasyon. Available ang gabay sa mga naaangkop na pamamaraan at pasilidad sa *Manual ng Mga Paraan para sa Pag-aanalisa sa Panganib na Pagkakasakit ng Wildlife ng OIE-IUCN*. Ang Kodigo ng Kalusugan ng Terrestrial na Hayop ng OIE Kabanata 5.6, at ang Mga Protokol ng OIE-IUCN-EAZWV sa Pag-quarantine at Pag-screen ng Kalusugan para sa Wildlife bago ang Translokasyon at Pagpapakawala sa Kagubatan ay nagbibigay ng kapaki-pakinabang na pandagdag na impormasyon. Ang mga link sa mga ito at iba pang kapaki-pakinabang na dokumento ay ibinigay sa Appendix 2.

Sa sandaling matugunan ang mga agarang pangangailangan, kinakailangang mangalap ng impormasyon para pagbatayan ng proseso ng pagpapasya para sa mas matagal na pamamahala ng indibidwal.

Ang mga sumusunod na seksyon ay nilalayong gamitin kasama ng mga kaakibat na flowchart: Pangangalap ng impormasyon at paunang pagtatasa (Appendix 3), at Puno ng Pagpapasya - Mga nakumpiskang species (Appendix 4).

3.2 Proseso ng pangangalap ng impormasyon at paunang pagtatasa

3.2.1. Pagkilala sa species

Sa sandaling ligtas at secure na ang organismo, ang susunod na prioridad ay tukuyin ng nagkukumpiskang awtoridad ang *tumpak na pagkakakilanlan ng species* ng bawat indibidwal. Maaaring mahirap itong gawin, lalo na sa kaso ng pagkumpiska ng malaking bilang ng mga indibidwal mula sa magkakamukhang taxa. Batay sa dahilang ito, dapat ay proactive na bumuo ng mga ugnayan sa mga **eksperto sa taxonomy**, bilang bahagi ng isang **Network ng Tagapayo ukol sa Pagkumpiska** (tingnan ang Appendix 1), para makatulong sa prosesong ito. Maraming species ng hayop at halaman ang biswal na magkakamukha, kaya maliban kung lubos na magiging maingat, posibleng maling kilalanin ang isang species, na nagreresulta sa pagkakaroon ng maling impormasyon ng lahat ng kasunod na pasya. Maaari pang maging mas kumplikado ang pagkilala kapag isasaalang-alang ang mga subspecies, variety at pagbabago sa taxonomy.

Case study: pagkilala sa species



© Craig Stanford

Nagmula ang Indo-China box turtle (*Cuora galbinifrons*) mula sa northern Vietnam, northern Laos, at southern China. Sa central Vietnam at central Laos, sinasakop ng Bouretti's box turtle (*Cuora bouretti*) ang katumbas na ecosystem. Noong 2004, nagresulta ang DNA testing sa pagbabago nito ng klasipikasyon ng Bouretti's box turtle mula sa isang subspecies ng *C. galbinifrons* at naging isang ganap na species. Gayunpaman, hindi malalaman ang pagkakaiba ng dalawa sa kabuuan mula sa mga panlabas na anyo. Nakalista ang dalawa bilang mga nanganganib na species (CR) at mataas ang presyo ng dalawa sa ilegal na bentahan ng wildlife at hinahanap ng mga poacher. Sa panahon ng pagkolekta ng mga nagbebenta at kasunod na pagpapadala, maaaring maghalo ang ilang species ng pagong sa iisang lalagyan at maging napakahirap kilalanin ng mga ito bilang magkakaibang species maliban kung gagawin ng isang ekspertong herpetologist ang pagkilala.

Nasa mga nagkukumpiskang awtoridad ang responsibilidad sa pagkilala. Lubos na inirerekomenda ang paggamit ng mga gabay, manual, at taxonomic key na available para sa basic na pagkilala. Dahil sa mga potensyal na implikasyon ng maling pagkilala, inirerekomenda na kung mayroong pagdududa o potensyal na pagkalito, dapat sumangguni ang mga nagkukumpiskang awtoridad sa mga espesyalista sa taxonomy; mahahanap ang nasabing eksperto sa mga museo ng natural history, unibersidad, herbaria, botanikal na hardin, zoo, o aquarium, o kung minsan maaaring may isang indibidwal na tanyag para sa kanyang pagiging eksperto sa isang partikular na taxon. Kung minsan, maibibigay ng **Mga Grupo ng Espesyalista ng Species Survival Commission (SSC) ng IUCN** ang kinakailangang tulong, o gumawa ng mga koneksyon sa isa pang naaangkop na eksperto. Ang mga eksperto sa taxon na ito ay kadalasang

makakatulong sa prosesong ito ng pagkilala sa pamamagitan ng mga digital na larawan, pero sa ilang kaso, maaaring kailanganin ng karagdagang tulong sa DNA profiling para suportahan ang tumpak na pagkilala.

3.2.2. Katayuan sa konserbasyon at mga priyoridad ng IUCN

Malaki ang naiambag ng *IUCN Red List of Threatened Species*TM sa pagtukoy sa katayuan sa konserbasyon ng mga kilalang species sa mundo at bagama't hindi ito kumpleto, napakagandang panimula nito para sa mga nagkukumpiskang awtoridad.

Sa interes ng pagkonserba sa biodiversity ng mundo, para sa mga layunin ng pamamahala sa mga nakumpiskang organismo, ipinapahayag dito na ang mga indibidwal ng species na nanganganib na maubos o hindi alam ang halaga sa konserbasyon ang dapat na unang makagamit sa mga available na mapagkukunan. Kasama rito ang species na itinuturing na Kritikal na Nanganganib, Nanganganib, Mahina, Kulang ng Data, Hindi Nasuri o Extinct sa Kagubatan).

Bilang karagdagan sa pandaigdigang IUCN Red List, dapat sumangguni sa mga pambansa at panrehiyong Red List data (kung mayroon), Mga Pambansang Plano ng Pagkilos para sa Biodiversity, at/o mga awtoridad sa mga klasipikasyon ng pambansang nanganganib na species para matukoy ang panrehiyong halaga sa konserbasyon ng isang nakumpiskang indibidwal. Ang pagkilala ng mga indibidwal na mahalagang species sa bansa ay maaari ding mangailangan ng kaalaman ng espesyalista at mga mapagkukunan.

3.2.3. Kalusugan

Ibinabiyahe man, hino-hold o nasa translokasyon, ang paglilipat ng mga hayop at halaman sa labas ng kanilang katutubong saklaw ay maaaring magdulot ng malaking panganib na pagpapasa ng sakit sa mga tao at mga kabuhayan ng tao, at sa iba pang indibidwal na pareho o ibang species. Ang mitigasyon ng mga panganib na ito ay sinasaklaw sa ilalim ng *Mga Alituntunin ng IUCN para sa Pag-aanalisa sa Panganib na Pagkakasakit ng Wildlife* at ng *Mga Alituntunin ng IUCN para sa Mga Muling Pagpapapasok at Iba Pang Translokasyon para sa Konserbasyon*.

Napakahalagang ipatupad ang isang pagtatasa sa *kakayahang mabuhay* ng indibidwal na organismo sa kagubatan man o habang nakakulong (alinman sa panandalian o pangmatagalang panahon), kasama na ang **hindi pagkakaroon ng anumang sakit** na posibleng makaapekto sa mga populasyong nasa kagubatan at/o nakakulong ng pareho o ibang species. Bukod pa rito, ang pagtatasa sa kakayahang mabuhay ay kadalasang hindi lang sa pagtukoy sa agarang pisikal na kalusugan. Pangkaraniwan para sa mga nakumpiskang indibidwal na magkaroon ng hindi maayos na pangangatawan o (para sa mga hayop) pag-iisip para sa anupaman maliban sa pangmatagalang pangangalaga nang nakakulong, o sa mga mas malalang kaso, euthanasia ng isang hayop o pagsira sa isang halaman. Maaaring hindi rin angkop ang genes ng mga hybrid at hindi karaniwang phenotype para sa pagpapakawala.

Ang euthanasia sa Mga Alituntuning ito ay tumutukoy sa makataong pagtapos ng buhay ng isang hayop para sa layuning pigilan ang higit na paghihirap ng isang napinsala at/o may sakit na hayop. Ang mga protokol sa pagsasagawa ng euthanasia sa isang napinsala at/o may sakit na hayop ay nakabalangkas sa **Mga Alituntunin ng AMVA sa Euthanasia**.

Isang hamon ang pagtukoy sa kakayahang mabuhay at malamang na kakailanganin ng eksperto ng mga nagkukumpiskang awtoridad, bilang bahagi ng isang **Network ng Tagapayo ukol sa Pagkumpiska** (tingnan ang Appendix 1) para tasahin ang kakayahang ito para sa anumang nakumpiskang indibidwal.

3.2.4. Kakayahang mabuhay

Ang kakayahan ng indibidwal na mabuhay sa kagubatan ay kailangang isaalang-alang kaugnay kung ang indibidwal ay nakapamuhay na dati o hindi sa kagubatan nang walang suporta, o magagawa ba ito nang walang tuloy-tuloy na suporta. Ang mga indibidwal na isinilang, o ginugol ang malaking bahagi ng kanilang buhay sa pagkakakulong, o artipisyal na pinarami, ay *maaaring* may abilidad na mabuhay nang walang tulong sa kagubatan at makapag-ambag sa konserbasyon ng biodiversity sa buong mundo. Gayunpaman, maaaring walang kakayahan ang ibang indibidwal na gawin ito, at kailangan itong tasahin ng isang eksperto sa pag-uugali, paghahalaman o paghahayupan o botany, bilang bahagi ng isang **Network ng Tagapayo ukol sa Pagkumpiska** (tingnan ang Appendix 1) bago magpasya. Kung ang organismo ay *isinilang* habang nakakulong o artipisyal na pinarami, ngunit itinuturing na mayroon itong sapat na kakayahan para pakawalan sa kagubatan, kung gayon ay kailangang gamitin ang **Mga Alituntunin ng IUCN para sa Mga Muling Pagpapapasok at Iba Pang Translokasyon para sa Konserbasyon at ang Mga Alituntunin ng IUCN sa Paggamit ng Ex situ na Pamamahala para sa Konserbasyon ng Species** bilang batayan para sa pagsusuri kung ang pagpapakawala ng (mga) indibidwal ay makakapagbigay ng kapaki-pakinabang na kontribusyon sa konserbasyon, na may kaunti at katanggap-tanggap na antas ng panganib sa mga populasyon sa kagubatan.

3.2.5. Dahilan ng pagkumpiska

Sa ilang sitwasyon, maaaring pansamantala ang mga pagsamsam, dahil sa maling pagkumpleto ng kinakailangang papeles para pahintulatang maibenta ang mga indibidwal. Samakatuwid, ang mga pagkumpiska ay maaaring ‘panandalian’ (ibig sabihin, isang protokol sa pamamahala hanggang sa maaari nang legal na ilipat ang mga indibidwal); o ‘pangmatagalan’ (ibig sabihin, protokol sa pamamahala para sa mga indibidwal na nakumpiska dahil sa mga ilegal na gawain na hindi matatapos). Sa pagsasaalang-alang ng dahilan para sa isang pagkumpiska, dalawang tanong ang kailangang itanong:

i. Bakit ito kinumpiska?

Isa ba itong isyu ng maling paraan para isang species na legal na maibebenta, o isa ba itong species na ipinagbabawal na ibenta sa ilalim ng mga internasyonal na kasunduan at pambansang batas?

Kung kabilang ang isang indibidwal sa species na **maaaring** legal na ibenta, kung gayon ang isyu 'lang' ay ang legal o ilegal na pagkuha, pagbebenta, o pag-hold. Depende sa mga sitwasyon at rehiyon, maaaring kabilang sa mga opsyong bukas sa nagkukumpiskang awtoridad ang pag-hold sa indibidwal na organismo hanggang sa panahong makumpleto ang mga legal na paglilitis, o isusuko sa mga awtoridad ang organismo para sa patuloy na pamamahala rito.

ii. Sino ang naghahabol ng pagmamay-ari sa indibidwal?

Mayroon bang sinumang naghahabol ng pagmamay-ari sa indibidwal? Kung kilala ang taong naghahabol ng pagmamay-ari, muling lilitaw ang tanong kung ano ang mga dahilan ng pagkumpiska. Depende sa mga sitwasyon, maaaring kabilang sa mga opsyong bukas sa nagkukumpiskang awtoridad ang pag-hold sa indibidwal na organismo hanggang sa panahong makumpleto ang legal na proseso, o isusuko sa mga awtoridad ang organismo para sa pamamahala. Kung walang sinumang naghahabol ng pagmamay-ari sa indibidwal, dapat tukuyin ang pamamahala ayon sa proseso ng puno ng pagpapasya (tingnan ang Appendix 4).

3.2.6. Bansang pinagmulan at bansa sa pagdating

Maaaring napakahirap tukuyin kung saan nagmula ang indibidwal, dahil maaaring dumaan ito sa maraming rehiyon o bansa bago ang pagkumpiska rito. Bilang karagdagan, maraming species at subspecies ang natural na makikita sa maraming bansa. Halimbawa, maaaring problematiko ang pagtukoy sa bansang pinagmulan ng isang nakumpiskang West African grey parrot (*Psittacus erithacus* at *Psittacus timneh*) dahil ang malawakang ibinebentang species na ito ay katutubo sa labintatlong bansa, at madalas na ipinupuslit sa mga hangganan ang mga indibidwal.



© Kira Mileham

Mainam, mula sa pananaw ng pamamahala, na makukumpiska ang mga indibidwal sa loob ng bansang pinagmulan. Ginagawa nitong mas simple ang pagpapasya dahil ang bansa ang may responsibilidad na pamahalaan ang sarili nitong mga mapagkukunan sa biodiversity, at malinaw ang pambansang pagmamay-ari sa (mga) indibidwal. Mas kumplikado ang proseso ng pagpapasya at mga opsyon para sa pamamahala kapag nakumpiska ang indibidwal sa isang bansa maliban sa bansang pinagmulan. Sa lahat ng kaso mahalagang tukuyin kung ang bansang pinagmulan ay nasa loob ng katutubong saklaw ng species, o kung ang indibidwal ay isang invasive na alien na species sa loob ng bansang pinagmulan nito, o kung hindi ito makikita (natural man o bilang invasive na alien) sa bansang pinagmulan. Ang iba't ibang posibilidad na ito ay may lubos na magkakaibang implikasyon para sa mga pasya tungkol sa pamamahala sa pinag-uusapang indibidwal sa hinaharap.

3.2.7. Mga natukoy na invasive na species

Ang ilang species ay tinutukoy bilang mayroong matinding invasive na potensyal at samakatuwid ay mayroong malaking banta sa biodiversity sa buong mundo. Nakatala ang mga ito sa *Database ng Pandaigdigang Invasive na Species ng IUCN*. Ang mga indibidwal ng mga species na ito ay hindi dapat kailanman pakawalan sa kagubatan sa labas ng kanilang katutubong saklaw.

3.3 Pansamantalang pag-hold

Sa sandaling makakalap ng sapat na impormasyon para makagawa ng pagpapasyang may batayan, posibleng kailangang panatilihin ang isang buhay na organismo sa naaangkop na kundisyon para sa kapakanan nang maikling panahon bago maabot anng pinakahuling destinasyon nito. Sa kasong ito, kailangang maghanap ng mga pasilidad ng pansamantalang pag-hold, sa tulong ng isang **Network ng Tagapayo ukol sa Pagkumpiska** (tingnan ang Appendix 1). Ang mga pamantayan ng pangangalaga ay dapat naaayon sa inirerekomenda sa *Caring for Wildlife: The World Zoo and Aquarium Animal Welfare Strategy*.

Kapag nakalap na ang lahat ng impormasyon sa itaas, makakapagpasya na para sa mas pangmatagalang pamamahala gamit ang Puno ng Pagpapasya (tingnan ang kasamang flowchart sa Appendix 4).

3.4 Paggamit sa Puno ng Pagpapasya para sa mas pangmatagalang pamamahala

Ang mga opsyong available sa nagkukumpiskang awtoridad ay limitado sa tatlong pangunahing posibilidad, na may pang-apat, na hindi ganoon kagandang opsyon kung papahintulutan ng batas, at kung ituturing na hindi naaangkop ang opsyon 1, 2, at 3. Ang lahat ng gagawing pagpapasya ay nangangailangan ng transparency at detalyadong pangangatwiran. Ang mga opsyong ito ay:

1. Pagpapauwi
2. Translokasyon para sa konserbasyon (kasama ang 'Muling pagpapapasok');
3. Pangmatagalang *ex situ* na pamamahala; at
4. Makataong pagpatay/pagsira (kung pinapahintulutan ng lokal na kundisyon) ng mga fit na indibidwal (alinman sa mga hayop o halaman) o euthanasia ng mga hindi fit na hayop

Mahalagang Paalala: Sumangguni sa mga flowchart (Mga Appendix 3 at 4) para tukuyin kung aling opsyon ang pinakaangkop para sa mga sangkot na indibidwal.

3.4.1 Pagpapauwi

Kung naiiba ang bansang pinagmulan sa bansang pinagkumpiskahan, maaaring isaalang-alang ng mga nagkukumpiskang awtoridad na ibalik ang indibidwal sa bansang pinagmulan para makapagpasya ang mga awtoridad ng bansang iyon. Gayunpaman, may mahahalagang salik na kailangang isaalang-alang bago magpasya kung papauwiin o hindi ang isang indibidwal. Ang mga ito ay:

- Matatagpuan ba ang bansang pinagmulan sa loob ng katutubong saklaw ng species?
- Alam ba kung ang pinagmulan ng consignment ay katulad ng bansang pinagmulan? Posibleng dumating ang indibidwal sa bansa ng pagkumpiska nang dumaan sa ilang bansa, at hindi alam ang tumpak na bansang pinagmulan.
- Ang bansang pinagmulan ba ay *nakahanda* at may kakayahang pamahalaan ang nakumpiskang indibidwal?
- Mayroon bang anumang alalahanin sa kapakanan para sa isang indibidwal kung papauwiin ito? Kung mayroon, posibleng hindi naaangkop na ibalik ang indibidwal.
- Mayroon bang kasunduan kung aling party ang sasagot sa mga gastusin ng anumang pagpapauwi?
- Para ba sa kapakanan ng indibidwal ang pagpapauwi sa bansang pinagmulan (dahil sa digmaang sibil, mga problema sa ekonomiya, atbp)?
- Mayroon bang anumang kinikilalang mga eksperto/NGO sa bansa na makakatulong sa mga awtoridad sa pamamahala ng mga ibinalik na consignment kung kinakailangan?
- Mayroon bang mga sapat na garantiya na nagtakda ang bansang pinagmulan ng mabisa at epektibong sistema para maiwasang maibalik sa ilegal na bentahan ang nakumpiskang indibidwal?

3.4.2 Translokasyon (o 'pagbabalik ng mga nakumpiskang indibidwal sa kagubatan')

Bagama't lumalabas na ito ang pinakamagandang opsyon sa nagkukumpiskang awtoridad pagdating sa kapakanan ng indibidwal (hayop), sa pananaw ng publiko, at pagiging '*tamang gawin*' batay sa moralidad, may ilang napakahalagang salik na dapat isaalang-alang bago gawin ang nasabing kurso, gaanuman kaganda ang intensyon nito.

Mahalagang bigyang-diin ang katotohanang maaaring maging napakahirap na ibalik ang mga indibidwal sa kagubatan sa isang responsableng paraan, na kadalasang nangangailangan ng pangmatagalang pagtuon at mahahalagang mapagkukunan (hindi lang pinansyal). Samakatuwid, kailangang magkaroon ng kumpyansa ng nagkukumpiskang awtoridad na mayroon sila ng pagtuon at mga mapagkukunan para magawa ang nasabing pagkilos. Kaugnay nito, maaaring maging napakahalagang kasangkapan ng translokasyong gagawin mula sa pananaw ng konserbasyon ng species. Mahalagang tandaan na, dahil sa kahalagahan ng pagpapanatili ng biodiversity at dahil sa madalas na kumpetisyon para sa mga limitadong mapagkukunan (pinansyal at iba pa), ang translokasyon ng mga nakumpiskang indibidwal ng mga nanganganib na species ay **hindi** dapat mangibabaw kumpara sa mga nanganganib na species. Sa nakasanayan, dahil sa mga limitasyong hinaharap ng maraming bansa kapag pinapamahalaan ang mga pagkumpiska, nangangahulugan ito na ang mga mapagkukunan ay dapat **munang** gamitin para sa mga translokasyong may layunin na konserbasyon, sa halip na para sa mga layuning ganap na para sa *kapakanan, relihiyon, pagpapaganda, badyet o kaghinhawaan*. Bukod pa rito, ang translokasyon ng mga hindi katutubong species ay sumasalungat sa mga prinsipyo ng konserbasyon ng biodiversity, at hindi dapat pakawalan sa kagubatan ang species na hindi alam ang pinagmulan, hindi katutubo ang katuyuan o may hindi alam na sakit.

Case study: hindi naaangkop na pagpapakawala na humantong sa pagdami ng invasive na alien na species



© Russell A. Mittermeier

Mula sa “Of Least Concern? Range extension by Rhesus Macaques (*Macaca mulatta*) threatens long-term survival of Bonnet Macaques (*M. radiata*) in peninsular India”. Nina Kumar, R., Radhakrishna, S. at Sinha, A. (2011) *International Journal of Primatology* 32: 945-959. doi:10.1007/s10764-011-9514-y

“Napaalis ang mga bonnet macaque mula sa maraming lugar sa loob ng kanilang dating distributional range. Ang southern at northern na mga limitasyon sa distribusyon para sa mga rhesus at bonnet macaque, ayon sa pagkakabanggit, ay kasalukuyang parallel sa isa't isa sa western part ng bansa, pinaghihiwalay ng malaking puwang sa central India, at nagsasama sa eastern coast ng peninsula para bumuo ng overlap zone ng distribusyon. Ang overlap na rehiyong ito ay kakikitaan ng presensya ng mga mixed-species troop, kung saan makikita ang pure troop ng parehong species na malapit sa isa't isa kung minsan. Ang paglawig ng saklaw ng rhesus macaque—natural na proseso sa ilang lugar at direktang resulta ng pagpapapasok ng mga tao sa ibang rehiyon—ay mayroong matitinding implikasyon para sa endemic at nauubos na populasyon ng mga bonnet macaque sa southern India.”

Ang kumprehensibong gabay para masuri ang pagiging angkop ng mga translokasyon para sa konserbasyon bilang isang kasangkapan ng pamamahala para sa mga nakumpiskang indibidwal ay ibinibigay sa ibaba **Mga Alituntunin ng IUCN sa Mga Muling Pagpapapasok at Iba Pang Translokasyon para sa Konserbasyon.**

3.4.3 Pangmatagalang *ex situ* na pamamahala

Maraming dahilan kung bakit ang isang indibidwal na organismo ay **hindi** agad na maibabalik sa kagubatan o nang pangmatagalan at dapat na i-hold sa pangmatagalang pangangalaga habang nakakulong. Kasama ang mga dahilan ito (ngunit hindi limitado sa) ang sumusunod:

- Hindi sapat na impormasyon ang available para payagang magpatuloy ang translokasyon, halimbawa hindi malinaw na pagkakakilanlan ng species, panganib na pagkakasakit, atbp.
- Ipinapahiwatig ng edad o antas ng buhay ng indibidwal, o iba pang dahilan, na kulang ito sa mga kasanayang kinakailangan para mabuhay sa kagubatan.
- May mga alalahanin tungkol sa kalusugan ng katawan o pag-iisip ng indibidwal.
- Mahirap ang translokasyon dahil sa mga ecological na pangangailangan ng species kung saan kabilang ang indibidwal (hal., mga kinakailangan sa tirahan, limitasyon sa kapasidad ng pagdadala, atbp).
- Mahirap ang translokasyon dahil sa mga social/behavioural na pangangailangan ng species kung saan kabilang ang indibidwal (hal., age structure, mga sex ratio, social structure, atbp).
- May kakulangan sa mga available na mapagkukunan para sa programa ng pagpapakawala.
- May kakulangan sa available na tirahan.
- Hindi kinakatawan ng (mga) indibidwal ang mga anyong mula sa kagubatan (hal., mga hybrid, non-wild colour morph, atbp).
- Ginagawang problematiko ng mga kinakailangang permit at/o pagkaantala sa mga pahintulot mula sa mga nauugnay na ahensya ng pamahalaan ang translokasyon.
- Mga agarang banta sa pagkabuhay ng species (gaya ng pangangaso, o mga salungatan ng tao/wildlife na nagdudulot para ituring na 'mga salot' ang mga indibidwal ng species).
- Mayroong panganib sa kalusugan para sa iba pang species, o mayroong alalahanin sa kalusugan ng publiko.

Kung magpapasya na ang gustong opsyon ay ang pangmatagalang pag-hold habang nakakulong, dapat pag-aralang mabuti ang **Mga Alituntunin ng IUCN para sa Paggamit ng Ex situ na Pamamahala para sa Konserbasyon ng Species** para maunawaan ang kahalagahan sa konserbasyon ng anumang nasabing pasya. Dapat ding konsultahing mabuti ang **The World Zoo and Aquarium Animal Welfare Strategy** para maunawaan ang mga paraan at pamantayan ng pangangalagang kinakailangan para mapangatawanan ang pasyang ito nang pangmatagalan. Kung matutugunan ang mga kundisyon para sa pangmatagalang

pagpapanatili ng indibidwal, dapat gamitin ang Mga Alituntunin sa Kapakanan na ito bilang tuloy-tuloy na kasangkapan ng pamamahala.



© Kira Mileham

Sa ilang bansa, ang mga nakumpiskang indibidwal ng species na itinuturing na hindi angkop para sa translokasyon ay dapat, ayon sa batas, ilagay sa mga pasilidad ng pag-hold (gaya ng mga rescue center, zoo, at botanikal na hardin). Maaari itong magdulot ng pasanin sa mapagkukunan sa mga rescue center na iyon at maaari itong humantong sa mga problema sa mapagkukunan o kapakanan. Sa ilang kaso, ang pamamahala ng mga indibidwal mula sa hindi nanganganib na species sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa mga itong bumalik sa legal na bentahan ay maaaring isang solusyong dapat isaalang-alang, hangga't WALA itong masamang epekto sa mga populasyon sa kagubatan ng nanganganib na species (halimbawa, sa pamamagitan ng paghihikayat ng ilegal o hindi sustainable na bentahan doon o sa mga katulad na species sa bansa o sa internasyonal, o sa pamamagitan ng pagkakalat ng sakit, o sa pamamagitan ng pagpapakilala sa species sa labas ng katutubong saklaw nito). Maaari lang payagan ang anumang pagbabalik sa legal na bentahan sa mga sitwasyon kung saan mayroong malakas at epektibong pagpapatupad ng batas, para hindi mahikayat ang katiwalian at ilegal na bentahan, at walang indibidwal o kumpanya ang makikinabang mula sa ilegal na bentahan.

Dapat malaman na parehong may mga panganib at benepisyo mula sa pag-hold ng isang indibidwal sa pangmatagalang pangangalaga. Kasama sa mga panganib sa mga hayop, halaman at tao ang mga panganib mula sa sakit, o pagtakas, pati na rin ang mga gastusing nauugnay sa pangangalaga habang nakakulong. Kasama sa mga potensyal na benepisyo ang paggamit sa mga indibidwal sa pinapamahalaang pag-breed, edukasyon at/o mga programa ng pananaliksik.

Kung pinili ang pangmatagalang pangangalaga habang nakakulong, dapat iayon ang kagustuhan sa paglalagay ng mga nakumpiskang indibidwal sa mga zoo at botanikal na hardin kung saan available ang espasyo at pagiging eksperto, at lumalahok ito sa *ex situ* na mga pambansa at/o internasyonal na programa ng pag-breed sa ilalim ng paraang 'Isang Plano'.

3.4.4 Makataong pagpatay / pagkasira

Ang makataong pagpatay bilang kasangkapan sa pamamahala – pagkitil ng buhay ng isang hayop para sa mga dahilan maliban sa pag-ibsan sa paghihirap (euthanasia) – ay ipinagbabawal sa maraming bansa, at itinuturing na hindi katanggap-tanggap para sa mga dahilang nauugnay sa relihiyon o etika sa maraming iba pa. Dapat sundin ang mga lokal na batas at kultura bago isaalang-alang kung available bang gamitin o hindi ang nasabing opsyon.

Ang makataong pagpatay ay maaaring tingnan bilang pagkabigo ng lahat ng iba pang opsyon para pamahalaan ang mga indibidwal; gayunpaman kung minsan ay ito lang ang naaangkop na opsyon at makakabigay ng solusyon sa mga hamon sa hinaharap, gaya ng pagpapanatili sa mga indibidwal sa mga napakababang pamantayan ng kapakanan o pinakawalan sa iresponsableng paraan.

Ang paraan ng pamamahala ng isang bansa sa mga hayop nito ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa kung paano tinitingnan ang wildlife sa loob ng bansang iyon. May mahahalagang legal, etikal at moral na konsiderasyon na kailangang isaalang-alang ng mga nagkukumpiskang awtoridad (o third party manager) bago magamit ang makataong pagpatay bilang naaangkop na kasangkapan sa pamamahala para sa mga hayop. Hindi ito dapat basta-basta gamitin. Kung na-explore na nang detalyado ang lahat ng iba pang opsyon, at makatuwiran ang makataong pagpatay, kinakailangang may makataong paraan ang proseso kung paano ito isasagawa. Ibinigay ang gabay sa **Mga Alituntunin ng AMVA sa Euthanasia**.

Inirerekomenda ang pagsira ng nakumpiskang buhay na materyal ng halaman ng hindi nanganganib na species bilang naaangkop na kasangkapan na gagamitin ng nagkukumpiskang awtoridad kung itinuturing na hindi naaangkop ang iba pang opsyon. Dahil sa nakaabang na panganib na pagkakaroon ng mga invasive na species mula sa mga nakumpiskang buhay na halaman (kasama ang mga buto), *pagsunog* ng lahat ng bahagi ng nakumpiskang halaman ang inirerekomendang paraan ng pagsira.

4 Kongklusyon

Malinaw mula sa mga opsyong binanggit sa nakaraan, wala sa mga ito ang maituturing na mainam. Ang pinakamainam na opsyon sa lahat ay pigilang masangkot sa ilegal na bentahan ang mga buhay na hayop at halaman sa simula pa lang. Gayunpaman, sa isang mundong hindi perpekto, kailangang magsagawa ng mahihirap na pasya ng Mga nagkukumpiskang awtoridad. Iniaalok ang mga alituntuning ito para tulungan ang mga nasabing awtoridad na isaalang-alang ang mga alalahanin sa konserbasyon sa kanilang pagpapasya.



© Thomas Couvreur



Appendix 1

Network ng Tagapayo ukol sa Pagkumpiska - Mga tuntunin ng reference

Ang dahilan para sa pag-access sa suporta mula sa pambansang antas na 'Network ng tagapayo ukol sa pagkumpiska' ay tinukoy sa talata 3.1 ng *Mga alituntunin ng IUCN para sa pamamahala ng mga nakumpiskang buhay na organismo*, para makapagbigay ng payo tungkol sa mga agaran at panandaliang pangangailangan sa pangangalaga ng mga nakumpiskang indibidwal.

Ang mga tuntunin ng reference para sa mga nasabing grupo o team, samakatuwid, ay kinakailangang sumasalamain sa hanay ng mga kakayahan, kasanayan at kontak na kailangan para bigyang-daan ang mga awtoridad na nagpapatupad na makuha ang naaangkop na panandaliang pangangalaga para sa mga nakumpiskang buhay na organismo, sa maikling panahon. Kinakailangan ito para maiwasang makompromiso ang kapakanan ng mga hayop at/o ang kakayahang mabuhay ng mga hayop, halaman at macro-fungi. Kung nagsagawa ng mga matagumpay na panandaliang paraan, maaaring isaalang-alang ang mga opsyong paglalagay ng mga ito ng mga indibidwal sa mas pangmatagalang paraan. Para matiyak na matutugunan ang mga kinakailangang ito, kailangang pag-isipang mabuti ang bubuo sa mga grupo/team, ngunit dapat nitong tiyakin, sa minimum, ang access sa:

- Pagiging eksperto sa taxonomy para bigyang-daan ang mabilis at tumpak na pagkakakilanlan sa antas ng species/subspecies/variety.
- Pagiging eksperto sa medikal at pambeterinaryong usapin na naaangkop sa species sa kalusugan ng tao at hayop, kasama na ang pag-quarantine.
- Pagiging eksperto sa pag-uugali at paghahalaman o paghahayupan na naaangkop sa species.
- Pagiging eksperto sa mga halaman sa kaso ng mga halaman na naaangkop sa species.
- Naaangkop na pagiging eksperto sa batas.
- Pagiging eksperto sa logistics para makapagpayo sa pag-hold at pagbiyahe.

Ang grupo ay dapat magtakda at magpanatili ng mga pangunahing kontak sa:

- Mga lokal, panrehiyon, at internasyonal na rescue/rehabilitation center at sanctuary para sa wildlife, mga awtoridad sa zoo at botanikal na hardin at mga kaukulang asosasyon ng mga ito, na posibleng makapagbigay ng payo ng eksperto at sa ilang sitwasyon, panandaliang matutuluyan.
- Mga nasa bansang focal point ng World Organisation for Animal Health (OIE) at mga departamento ng pamahalaan/unibersidad/beterinaryo, na posibleng makapagbigay ng payo sa mga isyu sa kalusugan at kapakanan ng hayop (www.oie.int).
- Mga nasa bansang Awtoridad sa Pamamahala at Siyensya ng CITES, at ang Tanggapan ng Kalihim ng CITES (www.cites.org).
- Mga nasa bansang awtoridad sa pagpapatupad ukol sa krimen sa wildlife at hangganan.
- Iba pang nasa bansang ahensya at tagapayong sangay ng kapakanan ng hayop mula sa kagubatan at kalusugan ng hayop at phytosanitary, ayon sa naaangkop.

- Mga nasa bansang Opisyal na Pangunahing Kontak ng International Plant Protection Convention (IPPC), na makakapagpayo tungkol sa mga phytosanitary na isyu (<https://www.ippc.int/en/>).

Dapat magtakda ang grupo ng pangunahin o mga pangunahing kontak, na maa-access 24 na oras sa isang araw at magagawang available sa mga naaangkop na awtoridad na nagpapatupad na malamang na direktang mapapasama sa mga pagkumpiska.

Ang mga grupo/team ay dapat bumuo ng mga programa ng pagsasanay para sa mga awtoridad na nagpapatupad para matiyak na pamilyar sila sa Mga Alituntunin ng IUCN para sa Pamamahala ng Mga Nakumpiskang Buhay na Organismo, at mga nauugnay na gabay ng CITES, IUCN, OIE, IPPC, WAZA at iba pang gabay.

Ang mga grupo/team ay dapat magkaroon ng kontak sa iba pang nasabing grupo/team sa ibang bansa para pangasiwaan ang palitan ng impormasyon at pinakamahusay na kagawian.

Ang mga partikular na pamantayan sa pagpili at ang mga tuntunin ng reference para sa modus operandi ng grupo/team ay maaaring mangailangan ng pagtuong partikular sa rehiyon o bansa. Sa pagbuo nito, maaaring konsultahin ng network ng tagapayo ang mga kasalukuyang nauugnay na tuntunin ng reference kasama na ang:

- Mga Tuntunin ng Reference para sa Mga Tagapangulo ng Specialist Group at Task Force ng Species Survival Commission ng IUCN

Kasama sa iba pang mahalagang sangay at materyal ng reference ang:

- Global Federation of Animal Sanctuaries Standards of Excellence/
- European Association of Rescue Centres and Sanctuaries
- WAZA Animal Welfare Strategy
- CITES Resolution Conf. 17.8 sa Pagtatapon ng mga ilegal na ibinebenta at nakumpiskang specimen ng species na nakalista sa CITES.

Appendix 2

Mga kapaki-pakinabang na pinagmulan ng impormasyon na may mga link sa internet

Mga Alituntunin ng AMVA sa Euthanasia ng Mga Hayop

<https://www.avma.org/KB/Policies/Pages/Euthanasia-Guidelines.aspx>

CITES Resolution Conf. 17.8 sa *Pagtatapon ng mga ilegal na ibinebenta at nakumpiskang specimen ng species na nakalista sa CITES*

<https://cites.org/eng/res/17/17-08.php>

Committing to Conservation: The World Zoo and Aquarium Conservation Strategy

<https://www.waza.org/priorities/conservation/conservation-strategies/>

Database ng Pandaigdigang Invasive na Species ng IUCN

<http://www.iucngisd.org/gisd/>

Mga Alituntunin ng IUCN sa *Ex situ* na Pamamahala para sa Konserbasyon ng Species

<https://portals.iucn.org/library/node/44952>

Mga Alituntunin ng IUCN para sa Mga Muling Pagpapapasok at Iba Pang Translokasyon para sa Konserbasyon

<https://portals.iucn.org/library/node/10386>

IUCN Red List of Threatened Species

<http://iucnredlist.org/>

Mga Grupo ng Espesyalista ng Species Survival Commission ng IUCN

<https://www.iucn.org/theme/species/about/species-survival-commission/ssc-specialist-group-directory>

Mga Protokol ng OIE-IUCN-EAZWV sa Pag-quarantine at Pag-screen ng Kalusugan para sa Wildlife bago ang Translokasyon at Pagpapakawala sa Kagubatan

<https://portals.iucn.org/library/node/7971>

Mga Alituntunin ng OIE-IUCN para sa Pag-aanalisa sa Panganib na Pagkakasakit ng Wildlife

<https://portals.iucn.org/library/node/43385>

Manual ng Mga Paraan ng OIE-IUCN para sa Pag-aanalisa sa Panganib na Pagkakasakit ng Wildlife

<https://portals.iucn.org/library/node/43386>


Kodigo ng Kalusugan ng Terrestrial na Hayop ng OIE

<http://www.oie.int/international-standard-setting/terrestrial-code/>

WAZA Animal Welfare Strategy

<https://www.waza.org/priorities/animal-welfare/animal-welfare-strategy/>

Appendix 3 Pangangalap ng impormasyon at paunang pagtatasa



Anong species ang bawat nakumpiskang indibidwal?

Kinakailangan ba ang pagkilala ng espesyalista (available sa pamamagita ng mga organisasyon ng taxonomy)

Ano ang saklaw nito?

Makikita ba ito sa bansang pinagkumpiskahan?

Bahagi ba ng katutubong saklaw ng species ang bansang pinagkumpiskahan?

Nakonsulta ba ang lahat ng nauugnay na awtoridad hal. pag-quarantine?

Mayroon bang kasalukuyang plano ng pagkilos para sa konserbasyon para sa species?

Itinuturing ba itong 'Nanganganib na Species' sa IUCN Red List of Threatened Species™ (ibig sabihin, Itinuturing ba itong Mahina, Nanganganib o Kritikal na Nanganganib?) Tingnan ang www.redlist.org

Ano ang mga kinakailangan sa konserbasyon para sa species ayon sa payo ng IUCN Red List?

Kung hindi ito nakalista sa IUCN Red List o Nakalista bilang NE o DD, humingi ng payo mula sa Species Survival Commission ng IUCN


Kabilang ba ang indibidwal sa isang species na mahalaga ang konserbasyon sa bansa batay sa National Red List Data o iba pang listahan ng konserbasyon sa bansa?

Nakapagsagawa ba ng isang pagsusuri sa kalusugan alinsunod sa Mga Alituntunin ng IUCNOIE para sa Pag-aanalisa sa Panganib na Pagkakasakit ng Wildlife?

'Fit' ba ito? Itinuturing na 'Fit' ang isang indibidwal kung sumailalim ito sa kumprehensibong pag-screen at pag-quarantine ng beterinaryo at walang ipinapakitang senyales ng mga nakakahawang sakit o kapansanan na negatibong makakaapekto rito sa pamumuhay nang mag-isa

Kung 'Unfit' ito, maaari bang maging 'Fit' ang indibidwal sa pamamagitan ng paggamot? Available ba ang mga pasilidad / mapagkukunan para sa kinakailangang paggamot?

Nangangailangan ba ito ng agarang euthanasia para pigilan ang karagdagang paghihirap? Kailangan ng pagtatasa ng Vet/Eksperto



Kinuha ba ang indibidwal mula sa natural na tirahan nito sa kagubatan?

Isa ba itong indibidwal na ipinanganak sa kulungan/ artipisyal na pinarami?

Isa ba itong species na naka-hold sa anumang programa ng pag-breed para sa konserbasyon?

Kung oo, makakapagbigay ba ito ng kontribusyon sa programa ng pag-breed para sa konserbasyon?

Ang indibidwal ba ay isang species na legal na maibebenta?

Kung oo, sinunod ba ang mga tamang paraan para sa pagbebenta/pagmamay-ari?

May posibilidad bang makukumpleto sa nalalapit na hinaharap ang mga tamang paraan at burokratikong proseso?

Kung oo, kailan?

Nasaan ang lokasyon kung saan kinuha sa kagubatan ang nakumpiskang indibidwal: sa aling bansa; sa aling lugar?

Kung 'HINDI ALAM', maaari bang tukuyin ang lokasyon?

Lumagda ba ang bansang pinagmulan sa alinman sa sumusunod: Convention on Biological Diversity; Nagoya Protocol on Access and Benefit Sharing (ABS); Convention on International Trade in Endangered Species (CITES); International Treaty on Plant Genetic Resources for Food and Agriculture (ITPGRFA)?

Ang bansang pinaggalingan ba ng indibidwal ay katulad ng bansang pinagmulan?

Ang bansang pinaggalingan ba ng indibidwal ay nakahandang pamahalaan ang nakumpiskang indibidwal?

Mayroon bang anumang alalahanin sa kapakanan kung papauwiin ang indibidwal?

Appendix 4

Puno ng Pagpapasya – Mga nakumpiskang species

Pagkilala sa species	Mga pagsusuri sa kalusugan	Katayuan sa konserbasyon at mga prioridad ng IUCN	Kakayahan
----------------------	----------------------------	---	-----------

Mayroon bang halaga sa konserbasyon a

Wala: isipin ang pagtatalaga ng mga limitadong mapagkukunan

Maaari ba itong pauw

Pag-quarantine/pag-hold hanggang sa makumpleto ang papeles

Oo

1 PAGPAPAUWI

Ibalik sa bansang pinagmulan sa isang awtorisadong organisasyon at/o 'inaprubahang' pasilidad ibig sabihin, iyong mga itinakdang saklawin ang mga pagkumpiska sa ilalim ng CITES

Sundin ang *Mga Alituntunin ng IUCN para sa Pamamahala ng Mga Nakumpiskang Buhay na Organismo* (dokumentong ito)


2 TRANSLOKASYON

Pakawalan sa *Mga Alituntunin at Iba Pang Translokasyon n*

4 MAKATAONG PAGPATAY/PAGSIRA

Konsultahin ang Mga Alituntunin, hal. AMVA

g mabuhay	Dahilan ng pagkumpiska	Bansang pinagmulan at bansa sa pagdating	Mga natukoy na invasive na species
-----------	------------------------	--	------------------------------------





INTERNATIONAL UNION
FOR CONSERVATION OF NATURE

WORLD HEADQUARTERS
Rue Mauverney 28
1196 Gland, Switzerland
mail@iucn.org
Tel +41 22 999 0000
Fax +41 22 999 0002
www.iucn.org
www.iucn.org/resources/publications

